Tunay na si Allāh ay magdudulot ng pagdurusa sa mga nagdudulot ng pagdurusa sa mga tao sa Mundo."}

Ayon kay Hishām bin Ḥakīm bin Ḥizām (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Siya ay naparaan sa mga taong kabilang sa mga Nabateyo sa Sirya, na pinatayo nga sa ilalim ng araw. Kaya naman nagsabi siya: "Ano ang pumapatungkol sa kanila?" Nagsabi sila: "Ikinulong sila dahil sa jizyah." Kaya nagsabi si Ḥakīm: "Sumasaksi ako, talagang nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: Tunay na si Allāh ay magdudulot ng pagdurusa sa mga nagdudulot ng pagdurusa sa mga tao sa Mundo."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Naparaan si Hishām bin Ḥakīm bin Ḥizām (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) sa mga magbubukid kabilang sa mga Nabateyo sa Sirya, na pinatindig nga sa ilalim ng init ng araw. Kaya naman nagtanong siya tungkol sa pumapatungkol sa kanila. Nagpabatid siya na sila ay ginawan ng gayon dahilan sa hindi pagkabayad nila ng jizyah samantalang sila ay nakakakaya naman niyon. Kaya naman nagsabi si Hishām (malugod si Allāh sa kanya): "Sumasaksi ako, talagang nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: Tunay na si Allāh ay magdudulot ng pagdurusa sa mga nagdudulot ng pagdurusa sa mga tao sa Mundo dala ng kawalang-katarungan, nang walang karapatan.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/8888